

**Presidential Communications Operations Office
Presidential News Desk**

**TALK TO THE PEOPLE OF
PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE (PART II)**

[Aired on 30 March 2022]

PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE: Secretary Lopez, go ahead.

DTI SECRETARY RAMON LOPEZ: Thank you, Mr. President. Good evening, Mr. Mayor-President and belated happy birthday sa aming mahal na Pangulo. Iyon, so emphasis on “mahal.” Anyway ano po, seryoso tayo diyan at birthday naman. So good evening also, Senator Bong Go; mga kasama sa Gabinete; fellow workers in government.

Bago po ‘yung aking report --- mabilis lang ‘to, Mr. President --- bago ‘yung aking report, nais ko lang pasalamatan ‘yung FDA, DOH, Department of Justice, at ‘yung IATF sa pagpayag na maibenta ang mga EUA-approved na anti-viral drugs sa mga accredited pharmacies as we requested, tulad po nung Molnupiravir na ni-report kanina para maiwasan na ‘yung black market.

Alinsunod ito, Mr. President, sa inyong direction noon dahil ayaw niyong magkaroon ng black market kaya ho talaga trinabaho ‘to ng IATF na payagan na ‘tong maging available sa mga pharmacies at hindi sa limitadong lugar lamang sa ganoon mas accessible sa taong-bayan.

Pangalawa po, isa pang magandang balita ‘yung IATF Resolution 165 na in-issue last Thursday, malaking bagay ho ‘yan sa pagpasok ng mga foreign investors mula sa bansa na kailangan ng visa sa pagpasok sa Pilipinas tulad ng India, China. Ibig sabihin hindi na kailangan ng mga travel ban exemption tulad ho ng kailangan ngayon. Starting April 1, hindi na ho kailangan ‘yung pagkuha ng travel ban exemption, kukuha lang sila ng visa at basta vaccinated po sila. So maganda ho ito sa pagpasok ng foreign investment para sa marami pang trabaho sa ating bayan.

So, Mr. President, I just have a three to four minute update on the DTI programs regarding also sa Taal Volcano eruption as requested by the Office of the President. At magu-update na rin ako, mabilis lang, sa Livelihood Seeding Programs that’s now being done by DTI upang maibigay sa taumbayan ‘yung ayudang pangkabuhayan patungo sa kanilang mas masaganang kinabukasan sa kabila ng pandemya at upang sana ay maabot rin ang kanilang mga pangarap sa buhay.

So patungkol po muna tayo dito sa Taal, sa presyo at supply ng bilingin sa Batangas area. Salamat sa Diyos muna at hindi po naging malala ang pagsabog ng Taal as reported. Ang mga presyo at ‘yung mga SRP, suggested retail price, at ‘yung supply ay nananatiling stable sa mga affected areas ng Mataas na Kahoy, Alitagtag, Santa Teresita, Lemery, Malvar, Tanauan, Lipa City, at Santo Tomas. Ang supply po ng basic necessities, prime commodities, SRP ay stable din.

By the way, may charts po ako, sana pinapakita rin ng ating secretariat itong charts natin sa SRP ‘no. Tapos patuloy po ang pag-monitor ng price at supply sa Taal, Agoncillo, Laurel, Balete, at iba pang high-risk cities and municipalities.

[So doon na tayo sa susunod po, sa... So ‘yan, ‘yan.]

Marami rin pong supply ng basic necessities sa merkado, ito ho ‘yung chart na ‘to. Example, ‘yung canned sardines, ‘yung mga sardinas 18 to 50 days ang inventory sa manufacturer pa lang. At pagdating sa mga tindahan, retailers 59 to 65 days, so maraming stocks ‘no. Ito ‘yung days inventory.

Sa pagdating sa mga canned meat, 14 to 56 days ang range ng manuf --- ang imbentaryo sa manufacturer sa mga planta. At sa doon sa mga grocery, supermarket, mayroon pang mga more than two months, 62 to 72 days. Pagdating sa gatas, 25 to 52 days inventory sa planta ng manufacturers at sa retailer 23 to 41 days; instant noodle 12 to 14 days sa manufacturer, at sa retailer 28 to 32 days. Iyong harina naman po mayroon tayong 90 days inventory so tatlong buwan.

Pagdating sa medical devices din po --- [next chart] --- sagana ang supply at stable din ‘yung prices dala na rin ng pagbaba ng kaso ng COVID.

[Next chart, next chart, please.]

So nandiyan po ‘yung presyo ho ‘yung N88 face mask, ‘yung regular face mask. Nagre-range sa 160 to 267 na lang ngayon per piece. Ang N95 mask nag --- malawak ho, 10 pesos to 89 pesos per piece ang range ng presyo. Iyong oxygen tanks 15 pounds, 2,700 to 5,500 pesos ho per tangke.

[Next chart.]

Pagdating naman ito sa assistance sa affected MSMEs diyan po sa Batangas area, total number of kits for distribution sa Pangkabuhayan [sa] Pagbangon at Ginhawa (PPG) in Batangas is 1,228 livelihood kits. Sa DTI Batangas it’s --- we are continuing to validate and profile more beneficiaries.

We applied po for exemption sa COMELEC ban, um-attend na ho kami ng hearing, para ito ‘yung mapagpatuloy ‘yung pagbibigay ng distribution ng livelihood kits dahil nagta-target tayo ng mga 300 to 400 livelihood kits distribution per province per month lalo na dito sa mga --- sa April, May, June sa mga huling buwan na po natin. Our office will undertake the necessary reallocation nitong livelihood kits to affected livelihoods surrounding Taal Volcano.

[Next chart.]

Ito pong mga susunod na chart mabilis na ‘to, show and tell na ito ng mga livelihood kits distribution na ginagawa po natin sa pangkasalukuyan. Dito ho sa NCR muna, 2,800 kits in 2021 hanggang ngayong end-March 2022, ‘yan po ang na-distribute natin.

Region I --- [next chart] --- Region I – 1,400 kits in 2022, January to March pa lang ‘yan; Region III, considering ‘yung last year 11,481 livelihood kits for 2021; Region IV-A – 536 livelihood kits, ongoing pa ‘yung mga bidding for procurement; Region V – 465 kits; Region VI – 1,800

mayroon ho for distribution tomorrow; sa Cebu mataas po, mabilis po sila, 8,156 January to March pa lang of this year. Inapura ho ‘yan dahil dito sa Typhoon Odette ‘yung mga biktima diyan ho sa Cebu na mabilis natin naipakalat ‘yang 8,000 livelihood kits.

Nandoon lang po kami sa Bohol last week sa mga Typhoon Odette-affected areas sa Loay, Loboc, Sevilla, sa --- [balik sa chart po] --- sa Talibon, Trinidad, Bien Unido we distributed 455 kits that day. Pati sa Region VIII --- [‘yung susunod na chart] --- 1,162 kits nitong first three months at last year 4,640.

Nandoon din kami sa Region VIII sa Southern Leyte last week. Nag-distribute kami ng 412 kits sa mga towns like Saint Bernard, San Juan, sa Sogod, Anahawan, Hinundayan, Liloan, Libagon, to name a few towns in Leyte. Iyong --- isa ho diyan ‘yung bayan ni Sec. Oging Mercado.

Sa Region IX Zamboanga area, nakapag-distribute rin tayo ng 2,277 last year, at ngayong January to March, 156 pa lang. So ano pa ho, nagpo-profile pa tayo. Region X – 1,767 last year ang na-distribute and itong first three months 171 kits distributed; sa Region XI --- [next chart] -- - 2,327 livelihood kits mula last year hanggang first three months of 2022; sa CARAGA – 488 kits distributed so far itong taon na ‘to plus ‘yung after Typhoon Odette nakapag-distribute tayo 1,748 last year kasama na ‘yung mga biktima dito noong Typhoon Odette.

So grand total --- [next chart] --- for 2021, 57,487 livelihood kits last year ang naipamigay. Pero itong mga --- itong taon na ‘to --- [next chart] --- bigger target po tayo dahil nadagdagan po ninyo ‘yung budget para sa maliliit na kabuhayan with your help, Mr. President, and si Senator Bong Go, and ES.

Now we are targeting livelihood 105,394 livelihood kits. And itong for the succeeding months of April, May, June, we are targeting to distribute around P600 million worth of livelihood support kaya importante ho makakuha tayo ng COMELEC exemption para importante ho ‘yung ngayong kailangan ng tao ‘yung kabuhayan lalong-lalo na galing sa pandemya kaya kailangan pong mapagpatuloy natin ito. Anyway, hindi naman po kayo tumatakbo pati si Senator Bong Go so gusto ho natin talagang maibaba itong tulong na --- na ito, mga pangkabuhayan.

So ang target po natin 1,500 beneficiaries per region per month of April, May, June, bawat month ‘yun or 300 to 400 livelihood kits per province per month.

So upcoming distribution ho March 31, sa Huwebes mayroon po tayong distribution sa Province of Cebu with you, Mayor, at saka the day after, April 1, kasama rin po namin kayo sa Province of Laguna. At patuloy nating gagawin ito April, May, at June hanggang sa pagtapos ng inyong termino, so todo bigay na po tayo.

So dito po nagtatapos ang DTI update. Magandang gabi po sa inyong lahat.

PRESIDENT DUTERTE: Salamat, Secretary Lopez.

DOLE SECRETARY SILVESTRE BELLO III: Kaunting report lang, Mr. President.

PRESIDENT DUTERTE: Sige.

SEC. BELLO: In line with the report of Secretary Año, Mr. President, there are 1,006 families involving 3,649 persons affected doon sa pag-aalburuto ni Taal Volcano. So dahil dito, Mr. President, ang immediate response ng DOLE ay 'yung bibigyan sila ng trabaho for 10 days and then give them a salary based on a minimum wage on that region. Eh ang minimum wage sa Region IV is 400 a day, so they will work for 10 days, we will give them 4,000 for 10 days work. Iyon po ang aming maibibigay agad.

Ngayon, hopefully tama 'yung estimate ni Secretary Año na hindi na dadami pa. Pero we are prepared just in case dadami pa ang mga affected dito sa pag-alburuto ni Taal. We are prepared and I've instructed our finance officer to make ready and available P50 to P100 million kung saka-sakaling kailangan tulungan 'yung ating mga kababayan diyan sa --- lalong-lalo na sa Municipalities of Agoncillo, Laurel, San Luis, Taal, Calaca, Calatagan, and Lemery, Mr. President. So 'yun po.

Pero alam naman natin, Mr. President, na itong ayuda na ito ay temporary lang. So more important, Mr. President, we are also prepared to provide all those affected ng livelihood assistance which is more or less mas mahaba ang ano, ang generation sa ating mga kababayan.

Iyon lamang po, Mr. President, ang maire-report ko sa ginawa ng DOLE sa affected areas ng Taal Volcano eruption. Thank you, Mr. President.

PRESIDENT DUTERTE: You know, one of the most responsive agencies of government 'yung itong departamento mo, Bot.

SEC. BELLO: Thank you, Mr. President.

PRESIDENT DUTERTE: Oo, totoo. I'm sure that itong mga labor, the labor front should also maski na papaano, credit you with one of the most extensive tulong sa tao just like the different departments. Pero mas pinakaano 'yung iyo kasi trabaho for the common Filipino.

But by the way, ito hindi ito biro, Bot. Itong ulitin ko, itong KABAG --- Kabataan, Anakpawis, Bayan Muna, Alyansa of Concerned Teachers Act, Gabriela --- I agree with the what they have sinabi sa about this organization na coming in from sa likod, sneaked papasok ng Congress, it's because itong...

You know, ang ano ko nito ay 'yung Cory Commission was intended to give the Filipinos a relief of everything sa gutom, sa trabaho. Well, that was what was intended. Pero itong ano, ang naimbento nito, ito 'yung mga --- 'yung commission na 'yun, kung ano pa ang ginawa, itong party-list. Tapos itong KABAG, halata naman talaga noon pa, matagal ng panahon, mayor pa ako, alam ko na. Hindi lang leaning, left talaga ito.

I'd like to call on itong si... Eh kasi 'yung one of the most affected na ano is education. I'd like to call on Secretary Briones para 'yung ano, ang mga bata ngayon, paano ito? They have to be protected. And if there's a --- the atmosphere is clouded with itong mga harmful elements, hindi

talaga papasukin 'yan. As a matter of fact, ipapa --- ipalayo mo. I'd like to know the stand of the justice --- ah sa Education department.

Ma'am?

DEPED SECRETARY LEONOR BRIONES: Good evening, Mr. President ---

PRESIDENT DUTERTE: Yes, ma'am.

SEC. BRIONES: --- and belated happy birthday.

PRESIDENT DUTERTE: Salamat, ma'am.

SEC. BRIONES: I will comply with the advice of the Secretariat. Hindi ko na i-present 'yung PowerPoint presentation, i-recite ko na lang para mas mabilis kasi alam naman ninyo kung ano ang nangyayari sa education.

Una, dahil dumanas na tayo ng Taal and other eruptions during the past two years, 'yung mga lessons na nakuha natin doon, ina-apply natin ngayon. So hindi --- it is not coming to us as a surprise na parang hindi na namin alam kung anong gagawin namin dahil may experience na tayo in 2020 and 2021.

Pangalawa, tama 'yung paningin ninyo na ating babantayan ang ating mga learners na magiging safe sila. Kaya binabantayan din natin 'yung permanent danger zones kasi there are places na which are considered danger zones na talagang may eskuwela --- face-to-face o may eskuwelahan o wala, talagang hindi na 'yan puwede na magkaroon tayo ng klase doon at activities ng mga bata so binabantayan 'yan.

Pangatlo, ang policy kasi natin, originally, Mr. President, ay dini-discourage natin na ginagamit ang ating mga schools na evacuation centers kasi mae-expose 'yung mga bata and na-discuss na natin 'yan sa Cabinet. But in the case of Taal and other major, major disasters, pumapayag tayo under your advice. So mayroon din tayong mga schools ngayon na ginagawa na evacuation centers dito sa mga bayan, halimbawa, ng Agoncillo.

Iyong exactly the very barrios, the very municipalities which were identified by DILG and DOH are also off limits and talagang sinu-suspend (suspend) natin ang classes doon. At ayaw natin --- pumayag tayo na gawing evacuation centers dahil sa dami noon in 2020, mga ilang libo 'yun na mga evacuees na nangangailangan ng shelter so pumayag tayo. Ngayon, mayroon na tayong mga schools na ginagamit na evacuation centers.

Sinabi ko na kanina, Mr. President, 'yung suspension ng classes. Nag-umpisa tayo last September ng pag-open ng classes. Pero 'yung dito sa Batangas ay 'yung mga schools na na-identified as permanent danger zones, 'yung na-identify na na they are already compromised, they could be compromised 'pag mag-escalate ang ating pagputok ng volcano, nag-suspend tayo ng classes, Mr. President, and this would be a number of schools. Mga 19 ka schools nag-suspend na tayo ng classes dahil ang primary ano natin ay the protection of the children.

And then isa din, Mr. President, per your instructions noon about face-to-face, we work very closely with the Department of Health and the DILG as well. So binibigyan din tayo, nag-share ang Department of Health sa atin ng mga health kits na para magagamit kung sakaling pangangailangan ng --- kakailanganin ng mga bata at mga schools natin. Ito ay galing sa Department of Health. Tulungan ang nangyayari sa atin, Department of Health at saka Department of Interior and Local Government.

And then kung patuloy pa rin ang pag-escalate nitong situation --- and we pray that it will simmer down --- we will be making physical visits because during the last two explosions of Taal, I physically visited Taal and other places where there were also natural disasters.

So 'yun lang, Mr. President. Hindi ko na ibibigay ang mga numero dahil isu-submit ko naman sa inyo. Thank you, Mr. President, and happy birthday again.

PRESIDENT DUTERTE: Thank you, Ma'am. So ganito 'yan. It has --- normalcy must be achieved there sa ano.

SEC. BRIONES: Yes, yes.

PRESIDENT DUTERTE: Pagka hindi pa normal situation, then it would be on the side of prudence na huwag na natin i-ano, expose 'yung mga anak.

SEC. BRIONES: Yes po.

PRESIDENT DUTERTE: So salamat for the information. I'd like to call --- mayroon ako, si Vice Chief of Staff, si Lieutenant General Gloria, if you have something to say, sir.

AFP VICE CHIEF OF STAFF ERICKSON GLORIA: Yes, sir. Good evening, Mr. President. I will just give a brief information on the efforts of the AFP as regards to the humanitarian assistance and disaster response in connection with the recent eruption of Taal Volcano.

For the actions taken of your Armed Forces, the General Headquarters placed Southern Luzon command under HADR red alert status effective March 26, 20[22]. Furthermore, Southern Luzon Command activated the Joint Task Group Taal in order to synchronize the efforts of AFP units involved in the HADR operations.

As regards our resources available, we have a total of 968 personnel who are currently dedicated to assist in HADR operations. Out of the 968 personnel, 41 personnel from 59th Infantry Battalion are deployed in Agoncillo and Laurel, Batangas while all the rest are on standby alert.

We also have 28 land assets all located within the CALABARZON region; four air assets composed of one Sikorsky S-76 Alpha and one Super Huey, both located at Clark Air Base, Pampanga; and two S-70i Black Hawk helicopters located in Camp Guillermo, Nakar, Lucena; while the four rubber boats are also all located within the CALABARZON area.

For the way ahead, Mr. President, the AFP will continue to coordinate with OCD IV-A and local DRRMOs for HADR operations and also continuously monitor the PHIVOLCS bulletins for possible augmentation of forces in case the situation escalates.

That is all I have, Mr. President. Thank you, sir and once again, good evening po.

PRESIDENT DUTERTE: Salamat, sir. I'd like to go direct to the itong Philippine Coast Guard, si Admiral Abu. You have a very important role to play there.

PCG COMMANDANT VICE ADMIRAL ARTEMIO ABU: Yes, sir. Magandang gabi po, Mr. President, at ipinapaabot ko rin ang pagbati mula sa mga tauhan ng inyong Philippine Coast Guard. Three sentence report, Mr. President, for you today to complete the --- to further complete the picture on the ground.

The Taal Volcano is surrounded by water. Amin pong ipinapaabot sa aming --- sa ating Pangulo na ang inyo pong Coast Guard ay nandoon noong mag-declare po ang PHIVOLCS ng Alert Level 3, kaagaran po nating idineklara 'yung heightened alert ng Coast Guard doon sa area and in-activate na po natin ang Task Force Taal.

May template na po tayo dito, Mr. President, may experience factor na po tayo. So ang inyo pong Coast Guard ay nakahanda at alam na po namin kung ano ang mga kagamitan na kinakailangan natin para matugunan ang pangangailangan ng ating mga kababayan na apektado.

Patuloy po ang aming pakikipag-ugnayan sa iba't ibang ahensiya ng pamahalaan. Gaya nga po ng aking nabanggit, mayroon na po tayong experience factor sa insidente na 'yan. So umasa po kayo na nakahanda ang inyong Coast Guard, mahal na Pangulo. Nandiyan po kami kapag tayo po ay kailangan. Maraming salamat po.

PRESIDENT DUTERTE: Salamat, sir. I'd like to call si Ed del Rosario.

DHSUD SECRETARY EDUARDO DEL ROSARIO: Mr. President, ang atin pong intervention in case magkaroon ng Alert Level 4, sa atin pong inventory at mga bahay na puwedeng puntahan ng ating mga displaced families, mayroon po tayong available na 1,123 temporary shelter or housing units at ito po'y nandoon sa Ibaan, Batangas; Talisay, Batangas; Tiaong, Quezon; at Sariaya, Quezon. This can accommodate 5,650 na individuals.

And likewise, Mr. President, noong nagkaroon po ng pagputok ang bulkan last January of 2020, nagpatayo po tayo ng tatlong malalaking evacuation centers sa tatlong municipalities na nakapalibot sa Taal --- sa Taal. At ito pong tatlong municipalities na ito ay nandoon sa lugar na safe. Basically, nasa south and eastern portion of the Taal Lake.

Ang very critical po na location, 'yung nandoon sa western portion, north, northeast, west and south-southwest. So naglagay po tayo ng tatlong evacuation centers sa municipalities of Mataas na Kahoy, Santa Teresita, at Alitagtag.

At tamang-tama po, Mr. President, natapos itong tatlong evacuation centers just this month and I will go there tomorrow for the inauguration and turnover of the evacuation centers to the LGU. Now if ever po na magkaroon ng Alert Level 4 ay magamit kaagad itong evacuation center na pinagawa po natin.

Ito po'y naka --- ito ang standard nito 'yung sinabi niyo noong 2018 na kailangan ang ating evacuation center ay talagang matibay, mayroong enough facilities for the men and women at even 'yung conjugal room na kailangan na parte ng ating evacuation center.

So 'yun lang po, mahal na Pangulo, and belated happy birthday po.

PRESIDENT DUTERTE: Thank you, Ed. For the information of everybody, si Ed is a general. But noong nag-ano, before that he was --- sa 75th ka noon? Sa 75th ka?

SEC. DEL ROSARIO: Seventy-third Infantry Battalion, sir, 73rd.

PRESIDENT DUTERTE: Ah, 73rd? Alam ninyo si Ed nakilala ko rin sa ano, sa bukid pa noong sundalo pa. Nag-Task Force Davao ka ba, Ed?

SEC. DEL ROSARIO: Sir, yes, sir.

PRESIDENT DUTERTE: And he was also the Task Force Davao. Marami 'yan silang Task Force Davao na nandiyan na lahat sa gobyerno, eh puro magagaling eh.

PRESIDENT DUTERTE: So si --- pakinggan ko itong si ano, 'yung DPWH again, what steps are being taken to just --- prepare for any eventuality, for example, like an eruption on a large scale.

DPWH ACTING SECRETARY ROGER MERCADO: Thank you very much, Mr. President, happy birthday again, Mr. President.

PRESIDENT DUTERTE: Salamat.

SEC. MERCADO: The Department of Public Works and Highways plan of action for the Taal Volcano. As a response to the recent Taal Volcano activity, DPWH personnel and equipment are ready to be deployed to assist in event of need for evacuation of people in affected areas and to carry out clearing operations on national roads.

The quick response teams of DPWH regional office IV-A, CALABARZON, and all its 16 district engineering offices are ready in case another explosive eruption happens. Part of our action plan is to reestablish DPWH command centers, strategically located around the volcano to make response operations efficient.

DPWH ground personnel will ensure that national roads and bridges and the area are passable, and shall identify alternative roads for response operations. They shall also provide temporary structures to restore mobility when necessary.

Our preparedness measures, sir, is the activation of DPWH-DRRM teams of regional and district engineering offices. Strategically prepositioned quick response assets like equipment and manpower for response operation, submission of all DPWH available assets that can be used by the logistic cluster during disaster and post-disaster operations, monitoring the status of the volcano and also our roads and bridges, clearing of national roads and identification of alternate routes for response operations, provision of alternate road network to and from the affected areas to facilitate and hamper delivery of goods and services.

Tap partners like private contractors to assist in clearing operations if DPWH manpower and equipment are insufficient. Provision for temporary structures to restore mobility when necessary. Situational reports shall be prepared by the concerned regional district engineering offices and shall be submitted every six hours to the DPWH Central Office.

Situational reports shall contain the following information: name, location of affected road sections, situation with affected major road sections, action taken on damaged sections, preliminary cost estimate to repair, restore the damaged sections; and remarks indicating whether or not the damaged section is open to all types of vehicles, the toll roads available, and estimated time of repair.

We have also priority category of damages: one, involves immediate rehabilitation of collapsed bridges, cut road sections, build seawalls and dikes; two, involves ordinary repairs such as patching of potholes and the like; three, involves minor repair works and/or improvement to prevent further deterioration such as repair road section. We have inventory of 554 equipment, 3,345 manpower spread in Region IV-A, we have Region V and NCR, Mr. President.

We have also some available evacuation centers within the proximity of Taal Volcano. Evacuation centers at Sta. Rosa, Laguna; in Carmona, Cavite; Tanauan, Batangas; San Pascual, Batangas. There are also in Imus, San Juan and Santo Tomas, Batangas; Lobo, Batangas; Bauan, Batangas.

We have also evacuation building features which we can accommodate evacuees with male toilet and bathroom buildings, female bathroom buildings, laundry, drying, office and infirmary building, generator room, pump room, garbage disposal with a capacity of 500 individuals.

Another feature are covered court converted to evacuation space, mess hall with kitchen, storage area, play area with breastfeeding room, conjugal space; we have clinic, prayer room, and generator set, another capacity of 534 individuals.

That's all for the Department of Public Works and Highways, Mr. President.

PRESIDENT DUTERTE: Ed, 'yung... I'm talking to Secretary del Rosario.

SEC. DEL ROSARIO: Yes, po.

PRESIDENT DUTERTE: Iyon bang --- 'yung evacuation center mo, is that entirely different from the evacuation center being erected by the DPWH?

SEC. DEL ROSARIO: Yes, sir. That's the design that was cons --- that was made by the National Housing Authority and the design that we are following was the one the President approved way back in the latter part of 2018.

Ito sir 'yung design na may mga kuwarto, may health facility at convertible that can be a social -- for athletics and social gatherings or if there are trainings that will be conducted in the LGU. But once converted into evacuation center, it has different rooms that can separate also the toilet and bath for males and females. And we have din, sir, conjugal room for privacy of married couple. The DPWH is following the standard that was approved by the President for the evacuation center.

PRESIDENT DUTERTE: [Bong, just give me three minutes to...]

I'd like to --- 'yung kay inyong... Ibigay mo lang sa Secretariat, the place 'yung evacuation center mo, Ed, pati 'yung sa iyo sa 'yung sa DPWH na ano. Gusto kong tingnan at I may have something assistance rin, added assistance to --- sa inyo. Pero gusto kong tingnan.

But basically, gusto kong mangyari is this, that the comfort room for women must be entirely separated from --- magkaiba 'yung ano, irrespective of... Hindi man, we do not have the luxury of giving everybody what they want, but I want that the itong mga banyo ng babae pati lalaki is entirely --- and there must be a good structure na ano at marami. Gaya siguro mga lima sa babae, bathroom, pati 'yung sa lalaki.

Iyan kasi 'yung akin noong mayor pa ako. I'm sure na nakita ninyo 'yung halfway house diyan sa Davao, Southern Medical Center of Southern Philippines. Nakita ko kasi 'yung mga...

Alam mo ganito 'yan ha, tandaan ninyo, iyong mga sa bukid at 'yung mahihirap, hindi lang sa bukid, 'pag nagkasakit ang tatay o nanay, wala man 'yan silang bahay, lalo na 'yung mga taga-Surigao, ganoon, dala lahat 'yung pamilya. So 'yung pasyente papasok doon sa ospital but itong mga ano nila, nandiyan lang sa tabi-tabi, minsan sa ilalim ng kahoy doon sa Davao noon.

So ang ginawa ko --- nasabi ko na ito --- tinawag ko 'yung... Alam ninyong --- kayong dumaan sa Davao, alam ninyo 'yan. Sino 'yung mga milyonaryo na kaibigan ko, dinala ko sila isang gabi, sabi ko, "Pakainin ko, I'll pay for your meals but after that may puntahan tayo."

So dinala ko sila, kita --- sabi ko, "Kita mo 'yung mga tao diyan, mga bata? Nakahiga lang sa semento kasi 'yang mahihirap nga eh." 'Pag nag --- lalo na ang tatay 'pag nagkasakit, magbaba 'yan doon sa 'yung the Davao Medical Center pero it's part Southern Philippines. Eh nandiyan tayo lahat ng mga bago eh, lahat ng cancer. It's really a medical center for southern Mindanao. Galing Bukidnon magbaba dito, Davao del Norte, Davao del Sur, lahat 'yan. So diyan magpunta and as far as Cotabato for the cancer patients.

So we just inaugurated --- lahat ng kailangan ng isang tao mabuhay siya, lahat ng apparatus at equipment nandoon, nandiyan. Iyan ang ano diyan. So lahat magpupunta kasi 'yan lang ang --- 'yan lang ang... Mayroon ibang ospital pero pribado. Alam mo hindi mag...

Sa totoo lang prangka-prangka, hindi 'yan magpunta doon sa ano eh alam nila --- intimidated lang nga eh. Sa ospital pa lang intimidated na eh, lalo na 'yang mga ospital na --- 'yung hospital na nandoon para negosyo, 'yun ang ibig kong sabihin. So lahat sa...

So what I did 'yung sabi kong dinala ko 'yung mga milyonaryo, pina --- tinuro ko sila, emergency room tapos lahat, sabi ko, "Papaano 'to?" And this has been for the longest time ganoon ang sitwasyon. Hindi lang ako makabigay ng ano kaya gusto kong pumunta doon sa ano. That's the reason why I want to go to the place where you erected that evacuation center kasi bago ako mag-ano, whatever... Hindi ko --- you cannot complete the --- all that you have to do kung gusto mo eh.

Baka magawa ko 'yan sa ano, remaining days ko, 'yung lahat ng pera ihati-hatiin ko na lang para sa 'yung tulugan ng mga tao, halfway house. Ginawa ko sa Davao sineparate (separate) ko 'yung the kitchen for the Islam believers, mga Muslim, iba 'yung sa for the Christians. At iba 'yung ano talaga, limang comfort room para sa lalaki, lima sa babae. So ganoon ang ginawa ko. Pero sa tulugan, ano na sila, it's a --- it's a very simple structure. Tapos nilagyan ko sila ng --- may nagregalo sa akin ng malaking TV, hindi naman --- hindi naman ako tumatanggap ng ano, so binigay ko doon sa kanila. I hope it's still working there, I mean these things that I provided them.

So gusto ko hanapan pa, whatever is there remaining para sa akin which I can, ibuhos ko na lang evacuation centers, gusto ko tingnan. Lalo na kung maawa sana itong mga local officials, 'yang mga government hospitals 'wag nilang kalimutan 'yung halfway house kasi 'yan parang --- lahat parang whole entourage. The entourage will go down, mga bata. Ang mangyari niyan magkasakit na tuloy one after the other because they are in the hospital and they, you know, the contamination is very near or entirely possible, parang ga...

So tingnan ko para baka ma-distribute ko lahat 'yung --- lahat ng pera na dapat gastusin ko ubusin ko na para sa 'yang --- 'yung sa sinasabi ninyo. Ipaiwan na lang natin sa ano kung sino 'yung Presidente. Kung magandang ano ang sa loob nila, kung maganda 'yan, 'di sundin nila.

Now, we have --- are through with the... Si --- punta muna tayo dito sa ano ha, sa agriculture, si Asec. De Mesa. I'm sure that sector is talagang pahirapan 'yan diyan ngayon. So what's the program of the Department of Labor for them? At least what's the preparation for the turn --- for the return of...?

Ganito kasi 'yan eh, eh kung anong klaseng disaster man, the first objective is to go back to normalcy as soon as possible. So I would like to know what's the contingent plans now of the Department of Agriculture just in case masira 'yung mga tanim ng tao.

DA ASSISTANT SECRETARY ARNEL DE MESA: Magandang gabi po, Mr. President, at happy birthday po.

PRESIDENT DUTERTE: Thank you.

ASEC. DE MESA: Sa ngayon po, latest report po sa amin ay wala pa pong reported damage sa sektor ng agrikultura at pangisdaan. Bagama't mayroon pong 1,561 na apektado na po ng mga magsasaka at mangingisda dahil po sila ay evacuees din po sa bayan ng Agoncillo sa Batangas, sa barangay po ng Banyaga at Bilibinwang.

Dahil po rito, Mr. President, ay naglaan po agad tayo, ang atin pong regional field office sa CALABARZON, ganoon din po ang Bureau of Fisheries and Aquatic Resources ng P7 million na handa po nating ipamigay. Ito po ay kagaya po ng 1,401 bags ng inbred seeds, 500 kilograms po ng ating glutinous corn, ganoon din po ng 250 kilograms ng iba-ibang klase ng binhi ng gulay, ganoon din po ay 1.5 million tilapia fingerlings. Sa kabuuan po nito, Mr. President, immediate interventions po na available sa regional field office ay nagkakahalaga po ng P7 million.

Kung sakali po na magkakaroon po ng destructive volcanic eruption, nakahanda po ang Kagawaran ng Pagsasaka ng mahigit sa P200 million out of the Quick Response Fund po natin ngayong taon, CY 2022, para po magbigay po ng additional na mga ayuda sa atin pong mga apektadong magsasaka at mangingisda.

Ganoon din, Mr. President, ay inilabas na po ng DBM 'yung atin pong P500 million fuel discount program at 'yun pong ating rice farmers financial assistance ngayong taon na nagkakahalaga po ng 8.9 billion at ito po ay malaking tulong kung sakali po na magkakaroon po ng patuloy na problema ang Taal Volcano.

Ganoon din po, gusto ko rin pong i-report, Mr. President, 'yung kabuuan po na nangyari po noong 2020 sa unang pagsabog ng Taal. Noong taon po na 'yun ay mahigit sa P900 million po ang nai-release sa atin at ito po ay [inaudible] para po sa muling pagbangon ng ating mga magsasaka at mangingisda noong panahon po na 'yun.

That would be all po, Mr. President. Muli po, magandang gabi at maraming salamat po.

PRESIDENT DUTERTE: Salamat po. Now, we go now to sa --- sandali ha, give me time to --- sa DICT. Can we have Acting Secretary Emmanuel Rey Caintic?

DICT ACTING SECRETARY EMMANUEL REY CAINTIC: Magandang gabi po, Mr. President, and happy birthday.

PRESIDENT DUTERTE: Salamat.

ACTING SEC. CAINTIC: Iuulat po namin na sa ngayon po wala pa pong nababalitaang disruption sa telekomunikasyon at internet services sa mga lugar na naapektuhan ng Taal explosion.

Bagaman naka --- bagaman naman nakahanda na ang tatlong GECS-MOVE, ito 'yung mga mobile emergency vehicles kung saan puwede naming i-deploy kaagad ang government emergency communications systems sa mga lugar na kung saan kailangan ilagay. Dito magkakaroon sila ng mga signal kung sakaling may disruption at puwedeng gamitin ito ng ating

NDRRMC and --- at lahat ng mga ahensiyang nangangailangan ng komunikasyon kaagad kung sakaling mawalan ng signal.

Pero nag-deploy po tayo ngayon ng mga KonekTawag Centers sa mga naap --- sa mga evacuation sites kasi kailangan natin bigyan ng alalay 'yung mga taong nandoon ngayon sa mga evacuation sites para naman magkaroon sila ng internet signal sa pamamagitan ng mga pocket Wi-Fis at maglalagay pa kami ng mga buong free Wi-Fi para doon sa evacuation sites.

Nakahanda kami ngayon, ang tinitingnan namin is magpalagay kami sa Balangon Elementary School at pangalawa sa Agoncillo Municipal Hall, 'yun 'yung hinahanda na namin ngayon kasi may mga tao na doon. Pero handa pa kaming magdagdag kung kailangan doon sa mga lugar na i-identify ng NDRRMC na paglalagayan ng mga free Wi-Fi para naman doon sa mga taong nandoon sa evacuation sites.

Iyon lang po, Mr. President, at again, happy birthday.

PRESIDENT DUTERTE: Thank you. Gusto kong marinig si ano, si 'yung Chief PNP, si General Carlos. Are you there, sir?

PNP CHIEF DIONARDO CARLOS: Magandang umaga po, Mr. President.

PRESIDENT DUTERTE: Magandang umaga.

PNP CHIEF CARLOS: On the side of the Philippine National Police na naging parte po ng ulat ng amin pong kalihim, Secretary Ed Año, 'yung amin pong efforts dito po sa Taal Volcano. Patuloy po 'yung amin pong deployment ng amin pong mga pulis para sa mga evacuation center at 'yun pong control points at sa atin pong --- sa mga pagpigil kung maaari sa looting para po --- 'yung atin pong pagpapatrolya.

Iyong amin pong CIMAT, 'yung amin pong Critical Incident Management Action Team ay activated on the day that the Alert Level 3 was designated by PHIVOLCS. So tuloy-tuloy po 'yung amin pong Police Regional Office CALABARZON na nagbantay at 'yung amin pong mga reserved forces sa Kampo Crame ay nakahanda rin po para makaresponde kung sakali pong magbago po 'yung sitwasyon.

At doon nagta --- tama po, Mr. President, 'yung inyo pong naging statement earlier. Tuloy po 'yung amin pong pag-iimbestiga dito sa mga nawawalang sabungero. Iyong atin pong pulis, sa una pa lang pong pagco-conduct ng Senate hearing, ay pinag-utos ko po kaagad ang paglalagay ng mga pulis na 'to sa holding area o holding unit.

At ngayon po after the third hearing, sila po ngayon ay inilagay po namin sa amin pong holding unit dito po sa Kampo Crame para humarap sa kaso noong sila po ay ma-identify po ng mga pamilya ng biktima. So tuloy-tuloy po 'yung efforts natin dito sa missing sabungeros at hindi po namin titigilan hanggang hindi ho natin natutukoy 'yung mga personalities behind this pagkawala ng mga sabungero po.

Iyon lang po, Mr. President, and happy, happy birthday po mula po sa Pambansang Pulisya.

PRESIDENT DUTERTE: Salamat, General Carlos.

Ganito 'yan iyong sinabi ko noon eh. My experience as a local official, mayroon talaga. In an organization may --- talagang may scalawags and dito sa atin ang magsakit ang ulo natin because they are empowered to enforce the law. Iyan ang --- that would make them really very easy to commit crimes kung nagkaloko-loko 'yung panahon kaya I'm not surprised. I'm sure you are not also kasi minsan may mga krimen na hindi puwedeng mangyari kung walang participation ng pulis.

So I'm not saying that 'yung pulis na were named in the Congressional investigations. That would be too early. But in the past, if you go into the hindsight of things, iba talaga sabi ko, sabi ko na noon na problematic talaga itong police sa karami kasi. Sa karaming tao na i-supervise mo, kung maaari lang talagang araw-arawin mo. Mayroon talagang mga g*** na ano 'yan, sir.

But masabi ko 'yan as a prosecutor and as a congressman noon. At nakita naman nila how I dep -- you can ask the 'yung dumaan diyan na puwesto ninyo how I defended them when I was a congressman. Pero alam ko talaga na because they are vested with the authority to enforce the law, hindi nakakapagtaka kung bakit ganoon sila. Talagang...

Unlike the Army, hindi ko naman sabihin na it has something to do with the person, no. It's because ang Army kasi disiplinado kasi they are geared to fight every day kung maaari lang tapos hindi man sila sa makalabas ng kampo.

Itong mga tao natin --- mo --- they go around enforcing the law. And as a matter of fact, they are --- they get involved into something, a crime. Mas madali kasi sa kanila maggalaw, mag-aresto ng tao, magpunta doon "arestuhin kita" on whatever pretext or reason. May...

Magsabi ang tao 'pag pulis, sumasama talaga 'yan kagaya kung mag-raid. I do not know if the police there were really involved, masyadong maaga pa 'yan. Pero things are becoming... There's an evolving story now and it includes the police sa 'yung sinabi mo nasa holding status ng... Masakit talaga.

Ako noon, ang masakit na ulo sa akin noong mayor ako 'yung pulis. Ah, araw-araw 'yan, kung hindi magbugbog ng asawa, tapos ganoon magpapatok ng baril, tapos mag... Kaya ako, sir, pinagbawalan ko talaga 'yang pulis mag-inom hindi lang diyan sa labas. I do not --- talagang sinasabi ko sa kanila, "Huwag kayong mag-inom at huwag kayong maamoy ko lasing kayo kasi magkakadiperensiya talaga tayo." Iyan sinabi ko sa kanila.

Hindi ako nag-ano but since you are under my supervision, that's according to the law. Sabi ko kung ganoon kayo mag-inoman, either naka --- lalo na kung 'yung naka-uniporme, bawal talaga. At saka sabi ko, "Huwag kayong mag-inom kasi pag nag-inom kayo, iba na 'yung bakokang sa ulo eh." At 'yung iba naman, 'yung talagang mga crime-oriented. Ibig sabihin hindi pa napulis 'yang mga p***, mga g*** na talaga 'yan.

But by and large, bahala na, sasabihin ko sa tao ngayon, we have a good police in our country. But if you guys, maski na sa anong probinsiya, may makita ka talaga na the smart aleck, 'yung talagang --- at saka 'yung mga parking-parking diyan, pinapasukan negosyo, ganoon. Well, of course, kung strikto 'yung mayor at alam nila ang mayor na alam, matawagan anytime matawagan ka man or anybody who would matter na masumbong nila 'yung mga kalokohan ng pulis.

Pero I said kung itanong mo talaga --- tanungin mo ako, problematic pero kakaunti lang 'yang 250 something 'yan. So may mga g*** talaga diyan na hindi mo... Minsan bago okay pa 'yan sa ano, later on, I said... And you better watch out itong wala na ako sa by that time. I said it's just evolving. Kailangan...

Malaman man, ikaw malaman mo kung totoo at hindi, you yourself. Limitado lang kasi tayo sa batas na we cannot go around just accusing people even if it's your police organization. We are not allowed to do that. As a matter of fact, we will just... Just the --- the convenient answer would always be, "Imbestigahan na lang 'yan." At kung may kaso, well... And which is really the nearest thing that you can do.

You have this case, i-unravel ninyo and then file the appropriate charges, walang ano. Mayroon ng ano diyan, malaman mo na kung if you... Alam kong malaman mo rin. Sooner or later alam ko kung ano --- malaman mo kung ano talaga ang nangyari. So just keep on with your investigation.

I congratulate you for the handling of an organization that's so huge that I said you cannot discipline everybody. You cannot answer for all the things that they do because simply the organization is just too big for --- for you to handle. Kung lahat ng kaso pakialaman mo, mabubuang ka at alam namin 'yan. Alam namin iyan 'yang... I sympathize with you. But for anything that I can do before I go out, please, just let me know. Thank you for your time.

So it's one o'clock. Anyway, itong programa natin hindi naman ito ilabas kaagad lahat eh. So isang araw o bukas ito, tapos 'yung the next day... Hindi kasi ano 'to eh, 'yung parang ginagawa kong --- for you to do the accounting. Sabihin mo sa amin kung ano ang ginagawa mo para malaman ng tao ang status ng ating bayan.

I have called practically to everybody to say something and 'yung... Sinong sunod natin dito? Si --- ah ito. After that, we'll call the DENR then si Vince Dizon. Unahin ko lang itong si Energy, sigurado ito, si Usec. Fuentebella ng DOE. Sigurado may problema tayo diyan pagka nagputok 'yung bulkan. So...

DOE UNDERSECRETARY FELIX WILLIAM FUENTEBELLA: Good morning, Mr. President.

PRESIDENT DUTERTE: Yes, sir. Go ahead, sir.

USEC. FUENTEBELLA: Yeah. Wala pa pong nare-report na isyu patungkol sa power interruption katulad po nang nasabi kanina ng OCD. Sa ngayon po, noong nagpatawag ng

meeting --- emergency meeting ang Office of Civil Defense-NDRRMC, nandoon po ako mismo noong Sabado at nag-utos lang po tayo ng --- nagbigay tayo ng guidance sa ating mga gasolinahan na punuin 'yung mga gasolinahan doon para masiguro po na kung kinakailangan mag-mobilize ay puno po 'yung mga retail outlets natin.

So far, sir, kahit nag-evacuate na sa limang barangay, wala pong problema sa power and 'yun po ang report ng Department of Energy, sir.

PRESIDENT DUTERTE: Sir, thank you. Then we go now to Sampulna sa DENR.

DENR ACTING SECRETARY JIM SAMPULNA: I just want to complete the report of PHIVOLCS and NDRRMC about our air quality in Tagaytay and some areas 'no in the... We have established three stations in Tagaytay, in Nasugbu, one in Agoncillo, and one in Laurel. And we found out that the air quality in the area is still good, hindi pa masama sa katawan 'yung air quality doon, sir.

Now, our forward actions are we will donate all --- practically all our confiscated forest product to the DSWD if needed. All our equipment are ready for use by the NDRRMC. We also instructed our field offices to be 24 hours monitoring of the activities and we also instructed our field offices to provide 24 hours provision of assistance and to be very active in the action of the NDRRMC.

Iyon lang po, mahal na Pangulo, and belated happy birthday.

PRESIDENT DUTERTE: Sir, salamat. I'd like to thank everybody lalo na kayo diyan sa ano, maybe only the regular Cabinet members next time. At saka hindi naman lahat, ma'am, lalo na kay Secretary Briones. [Hindi ka rin natutulog ng maaga 'no? Siguro sa katrabaho, sa karami ng trabaho mo.] At least sa inyo, alam ko, minimum niyan is alas-dose.

Eh sa trabaho kong ito, lahat trabaho ninyo dumadating sa akin. Tapos gusto ng... Kaya maawa naman kayo na sabihin ninyo, "Si Duterte, ganoon, ganoon." Nagtatrabaho na nga ako eh. Lalo na 'yung galing ka sa baba. Kaya sabi ko itong mga ano, mga oligarch 'yan ---can never...

Kaya 'yung iba diyan hindi ko tinanggap 'yung election contribution ninyo, campaign funds. I never regretted it or I do not regret it. Pagdating ng panahon, yari kayo lahat. Iyon ang sinabi ko. Tapos na ako diyan, nagawa ko na. Iyong corruption na 'yan, "walang nagawa si Duterte." Tapos na. Sabi ko 'yung corruption doon sa itaas.

Kaya kayong mga electorate, the Filipino people who would vote for the officials of this land, may mga tao diyan na ano, may isang senador, I'd name him, si Gordon, siya 'yung may kaso, siya 'yung pa --- siya 'yung paano parang parrot na maingay na may ano. At saka hindi pa nga niya nakumpleto 'yung ano, nagtuturo na sila because --- nagalit because tinawag ko 'yung attention niya na 'yung, "Huwag mong barahin si Secretary Duque."

Sige, salamat and it has been a very exhilarating atmosphere to have, joining you in government, with you in government. Salamat po. Magkita-kita pa rin tayo, 'yung Cabinet, maybe the last meeting just to say hello and goodbye.

Salamat po. [applause]

--- END ---